**Pamagat**: Isang Mabuting Patotoo

**Texto**: 3 John 12 "Demetrius hath good report of all men, and of the truth itself: yea, and we also bear record; and ye know that our record is true."

*Pagsasalin*: Si Demetrio ay may mabuting patototo galing sa lahat, at maging ang katotohanan mismo: oo, kami man ay nagpapatotoo rin; at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay.

**Panimula**:

1. Matapos na tinalakay ni Juan ang mga masasamang ugali ni Diotrephes, ngayon ay binanggit ni Juan kay Gaius ang isang kaibahan o paghahambing kay Demetrius.
2. Mayroong mga dalawang Demetrius sa Biblia, pero hindi natin masisigurado kung itong Demetrius ay sila nga. Tahimik tayo kung saan tahimik rin ang salita ng Dios.
3. Hindi marami ang mga sinabi ni Juan patungkol kay Demetrius, ngunit ang mga sinabi niya ay malinaw at malakas na patotoo tungkol sa kanya.
4. Proverbs 22:1 - Ang mabuting pangalan ay dapat piliin, kaysa malaking kayamanan, at mabuti kaysa pilak at ginto ang magandang kalooban.
5. Ecclesiastes 7:1 - Ang mabuting (o malinis na) pangalan ay mas mabuti kaysa mamahaling pabango.
6. Si Demetrius ay mayroong isang mabuting pangalan – at ito ang bibigyan nating pansin.

.

## I. A Good Report – Isang Mabuting Patotoo (Testimony)

1. Dapat ingatan ng mga Christiano ang kanilang testimony (patotoo).
2. Ang patotoo ng Christiano ay na sa kanyang "Baptism" at tining o boses.
3. Ang patotoo ay nagpapakita ng pagmamahal sa Dios:
   a. 1 Corinthians 8:3 - Kung ang sinuman ay umiibig sa Diyos, kilala siya ng Diyos.
   b. 2 Timothy 1:8a - Huwag mong ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon,…
4. Maraming mga tao ay malungkot sa loobin at nangangailangan sila ng patotoo para sila ay matulungan. Sila ay naliligaw, walang pag-asa, dala nila ang magbibigat na pagkakasala, na sa kadiliman, walang kapayapaan, sila ay na sa hatol ng Dios, kinapootan ng Dios, espirituwal na kabulagan, sila ay nalipol, patungo sa impyerno.
5. Inutusan tayo ng Panginoon na ayusin natin ang ating patotoo. (Mk. 16:15) " At sinabi niya sa kanila, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo[a] sa lahat ng nilikha."
6. Ang mabuting patotoo ay nagdudulot ng kaligayahan sa mananampalataya na mayroong mabuting patotoo. (John 15:11) Ang mga bagay na ito ay sinabi ko sa inyo upang ang aking kagalakan ay mapasainyo, at ang inyong kagalakan ay malubos.
7. Lubos ba ang kagalakan mo? Magsimula ka na magpatotoo patungkol kay Jesus. Lahat ng mga nagpapatotoo sa Kanya ay masayang-masaya.

## II. A Good Report Mula sa Tatlong Pinagkukunan o Pinagmulan

1. "of all men" – galing sa lahat. – ito ay maging saved o kahit na rin ang mga unsaved.
2. "of the truth itself" – maging ang katotohanan mismo – ito ay tumutukoy sa ugali niya o buhay niya na sumasangayon sa ebanghelyo ng Panginoon. Maari nating sabihin siya ay mapagmahal at maypagpapakasakit para sa iba.
3. "we also bear record" – kami rin ay nagpapatotoo rin – ito ay ang Pastor at ang buong iglesia. Mahalaga ito na masabi ng Pastor na may good report ang kapatiran. Gagamitin ng Dios ang patotoo ng Pastor sa araw ng Panginoon. (Hebrew 13:17 Sundin ninyo ang mga nangangasiwa sa inyo at magpasakop kayo sa kanilang pamamahala sapagkat iniingatan nilang patuloy ang inyong mga kaluluwa bilang mga magbibigay sulit para sa inyo, hayaang gampanan nila ito na may kagalakan at hindi nang may hapis, sapagkat kung ganito'y hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo).

**Katapusan** – Ang layunin ng mabuting patotoo ay ang pagluwalhati sa Panginoon. Tulungan nawa tayo ng Banal na Espiritu ng Dios upang ingat natin ang ating mabuting pangalan at patotoo.